Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

# Pagpapahalaga sa Sarili at ang Kaugnayan Nito sa Akademikong Performans sa Filipino ng mga Mag-Aaral

Mylah Grace L. Villarin [1]
mylah_layague@yahoo.com
0009-0009-3893-1103

Ophelia M. Duayan [1]
ophelia.duayan@chmsc.edu.ph
0000-0003-3992-0034

1 – STI West Negros University

Publication Date: September 4, 2026
DOI: **10.5281/zenodo.22305772**

**Abstract**

Ang pag-aaral na pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans ay naging bahagi ng kasalukuyang takbo ng panahon sa pagtulong sa mga mag-aaral. Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang antas ng pagpapahalaga sa sarili at ang kaugnayan nito sa akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na kumukuha ng Shielded Metal Arc Welding (SMAW) NCI sa ika-11 baitang ng Senior High School sa isang pampublikong sekundaryang paaralan sa isang lungsod sa hilagang bahagi ng Negros Occidental, ikalawang semester ng taong panuruan 2019-2020. Nakasandig ang pananaliksik sa teoryang Hierarchy of Needs ni Maslow (1943), Theory of Personal Development ni Carl Rogers (1959) at Self-efficacy Theory ni Albert Bandura (1977). Kwantitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral. Bilang instrumento, ginamit ang sariling binuo at pinaunlad na talatanungan na ibinatay sa Rosenberg Self-Esteem Test at Coopersmith Self-Esteem Inventory. Ang talatanungan ay binubuo ng apatnapung aytem na sumasaklaw sa mental, emosyonal, sosyal at pisikal na dimension ng pagpapahalaga sa sarili. Nagtamo ito ng mataas na baliditi iskor na 4.63 at reliabiliti iskor na 0.884 na kapwa may may pinakamataas na interpretasyon. 52 ang tagatugon ng pag-aaral. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng pagpapahalaga sa sarili ay mataas. Ipinakita ng resulta na mataas ang antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral, samantalang satisfactory naman ang kanilang akademikong performans sa Filipino batay sa GPA. Sa pamamagitan ng Mann-Whitney U test, natuklasang walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans. Gayundin, pinatunayan ng Spearman's Rho na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagpapatuloy at mas mahigpit na pagpapatupad ng mga gawaing pampaaralan upang higit pang mapaunlad ang pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral.

**Keywords:** *Pagpapahalaga sa Sarili,Dimensyong Mental, Emosyonal, Sosyal, Pisikal, Akademikong Performans, Shielded Metal Arc Welding.*

## Introduksyon

Ang pagpapahalaga sa sarili ay isang mahalagang salik sa paghubog ng kabuuang pag-unlad ng isang indibidwal sapagkat may malaking impluwensiya ito sa kaniyang emosyonal, sosyal, at akademikong pag-uugali. Ito ay tumutukoy sa pangkalahatang pagsusuri o pagtataya ng isang tao sa kaniyang sariling halaga na maaaring magpakita ng positibong pananaw sa sarili o negatibong oryentasyon tungkol sa sariling kakayahan (Minev et al., 2018). Bilang isang mahalagang katangian ng personalidad, ang pagpapahalaga sa sarili ay may kaugnayan sa paraan ng pagharap ng isang indibidwal sa mga hamon, pagbuo ng tiwala sa sarili, at pagkamit ng mga layuning pang-akademiko.

Ipinakita sa mga naunang pananaliksik na ang mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili ay may positibong kaugnayan sa kakayahan ng mga mag-aaral na makibahagi sa mga gawaing pampaaralan at mapabuti ang kanilang akademikong pagganap. Ayon kay Ogot (2017), ang pagpapalakas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral ay isang mahalagang hakbang upang mapaunlad ang kanilang kakayahan at pagganap sa paaralan. Gayundin, binigyang-diin nina Minev et al. (2018) na ang pag-unlad ng pagpapahalaga sa sarili ay bahagi ng proseso ng personal na pag-unlad sapagkat nakaaapekto ito sa pananaw ng isang tao sa kaniyang kakayahan at potensyal.

Sa larangan ng edukasyon, mahalagang bigyang-pansin ang ugnayan ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans sapagkat ang paniniwala ng mag-aaral sa kaniyang sariling kakayahan ay maaaring makaapekto sa kaniyang pakikilahok, motibasyon, at pagtugon sa mga gawaing pampagkatuto. Ang mga mag-aaral na may positibong pagpapahalaga sa sarili ay karaniwang nagpapakita ng higit na kumpiyansa, aktibong pakikilahok, at positibong disposisyon sa pagharap sa mga akademikong hamon.

Sa konteksto ng mga mag-aaral na kumukuha ng Technical Vocational Livelihood Track (TVL) partikular sa espesyalisasyong Shielded Metal Arc Welding (SMAW), napansin na may ilang mag-aaral na nagpapakita ng mababa o hindi sapat na pagpapahalaga sa sarili. Sa taong panuruan 2019–2020, natukoy na sa 52 mag-aaral na nasa SMAW, 28 lamang ang nagpakita ng positibong pagpapahalaga sa sarili at nakitaan ng higit na kumpiyansa at kahusayan sa loob ng klase. Napansin din na ang mga mag-aaral na may positibong pagpapahalaga sa sarili ay mas nagiging masigasig sa pagsasagawa ng mga gawain, may mas positibong pananaw sa pagkatuto, at mas madaling nakapagtatagumpay sa mga gawaing ibinibigay ng guro.

Bilang guro sa Filipino ng mga mag-aaral na SMAW NCI, napansin ng mananaliksik na ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili ay nagkakaroon ng mas positibong pananaw sa klase at higit na nagtitiwala sa kanilang sariling kakayahan. Samantala, ang ilang mag-aaral na may mababang pagpapahalaga sa sarili ay nagpapakita ng pag-aalinlangan, limitadong pakikilahok, at kakulangan ng kumpiyansa sa pagsasagawa ng mga gawaing pang-akademiko. Dahil dito, nakita ng mananaliksik ang pangangailangang suriin ang antas ng pagpapahalaga sa sarili at ang kaugnayan nito sa akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na nasa SMAW NCI.

Bagama't maraming pag-aaral ang tumalakay sa pagpapahalaga sa sarili at akademikong pagganap, kinakailangan pa rin ang mas malalim na pagsusuri sa partikular na konteksto ng mga mag-aaral sa Technical Vocational Livelihood Track, lalo na sa mga nasa larangan ng welding. Ang mga mag-aaral sa ganitong espesyalisasyon ay nahaharap sa mga natatanging akademiko at praktikal na hamon na maaaring makaapekto sa kanilang pananaw sa sarili at pagganap sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

paaralan. Dahil dito, mahalagang matukoy kung paano nauugnay ang kanilang pagpapahalaga sa sarili sa kanilang akademikong performans sa asignaturang Filipino.

Samakatuwid, isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang antas ng pagpapahalaga sa sarili at ang kaugnayan nito sa akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na kumukuha ng Shielded Metal Arc Welding (SMAW) NCI sa ika-11 baitang ng Senior High School sa isang pampublikong sekundaryang paaralan sa hilagang bahagi ng Negros Occidental noong ikalawang semestre ng taong panuruan 2019–2020.

Partikular, nilalayon ng pag-aaral na ito na mailarawan ang profayl ng mga tagatugon batay sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas na natapos ng magulang; matukoy ang antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral batay sa aspetong mental, emosyonal, sosyal, at pisikal; masuri ang antas ng akademikong performans sa Filipino; matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans kapag ipinangkat ang mga mag-aaral ayon sa kanilang profayl; at malaman kung may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans sa Filipino.

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral na ito ng kwantitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang deskriptibong disenyo, upang matukoy at mailarawan ang antas ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na kumukuha ng Shielded Metal Arc Welding (SMAW) NCI sa ika-11 baitang ng Senior High School. Ang disenyong deskriptibo ay angkop sa pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa sistematikong paglalarawan ng isang populasyon, sitwasyon, o penomeno batay sa nakalap na datos (McCombis, 2020).

### Lokal at mga Tagatugon ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng ika-11 baitang Senior High School sa isang pampublikong sekundaryang paaralan sa isang lungsod sa hilagang bahagi ng Negros Occidental. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng limampu't dalawang (52) mag-aaral na nasa SMAW NCI. Ginamit ang total enumeration sampling, kung saan lahat ng mag-aaral na kabilang sa nasabing espesyalisasyon ay isinama bilang mga tagatugon ng pananaliksik. Ang distribusyon ng mga kalahok ay binubuo ng 22 mag-aaral mula sa SMAW-1 (42.31%) at 30 mag-aaral mula sa SMAW-2 (57.69%), na may kabuuang 100% na kalahok.

### Instrumento sa Pagkolekta ng Datos

Ginamit sa pag-aaral ang sariling gawang talatanungan ng mananaliksik na ibinatay sa Rosenberg Self-Esteem Test at Coopersmith Self-Esteem Inventory, na mga pamantayang instrumento sa pagsukat ng pagpapahalaga sa sarili. Binubuo ang talatanungan ng dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay nakatuon sa profayl ng mga tagatugon kabilang ang seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas na natapos ng magulang. Ang ikalawang bahagi naman ay binubuo ng apatnapung (40) aytem na hinati sa apat na dimensyon ng pagpapahalaga sa sarili: mental, emosyonal, sosyal, at pisikal. Gumamit ang instrumento ng five-point Likert scale mula 5 (lubos na sumasang-ayon) hanggang 1 (lubos na di-sumasang-ayon), kung saan ang mataas na marka ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagpapahalaga sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

sarili. Bukod dito, kinuha rin ng mananaliksik ang grado o GPA ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino bilang batayan ng kanilang akademikong performans.

**Balidit at Reliabilidad ng Instrumento**

Upang matiyak ang kalidad ng instrumento, isinagawa ang validation sa pamamagitan ng tatlong eksperto gamit ang pamantayan nina Good at Scates. Sinuri ang instrumento batay sa katumpakan ng panlabas at nilalaman. Nakakuha ang instrumento ng kabuuang marka na 4.63 na may interpretasyong "pinakamagaling." Bukod dito, isinagawa rin ang reliability testing sa 30 mag-aaral na hindi kabilang sa aktuwal na kalahok ng pag-aaral. Gamit ang pagsusuri ng internal consistency, nakakuha ang instrumento ng Cronbach's alpha na 0.884 na nagpapakita na ito ay may mataas na antas ng reliability.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Bago isinagawa ang pangangalap ng datos, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot mula sa punong-guro ng paaralan. Matapos nito, ipinamahagi ang validated questionnaire sa mga kalahok. Ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay tinukoy batay sa kanilang GPA sa asignaturang Filipino (Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik) sa ikalawang semestre, na pormal na kinuha mula sa mga tagapayo ng bawat seksyon.

**Pagsusuri at Estadistikal na Pamamaraan ng Datos**

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa batay sa mga layunin ng pag-aaral gamit ang deskriptibo, komparatibo, at korelasyonal na pagsusuri. Ginamit ang *frequency count at percentage* upang mailarawan ang profayl ng mga tagatugon ayon sa seksyon, kita ng pamilya, at antas ng natapos ng magulang. Ginamit naman ang *mean* upang matukoy ang antas ng pagpapahalaga sa sarili batay sa dimensyong mental, emosyonal, sosyal, at pisikal, gayundin ang antas ng akademikong performans sa Filipino.Upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans batay sa mga pangkat ng tagatugon, ginamit ang *Mann–Whitney U Test.* Samantala, ginamit ang *Spearman's Rho Correlation* upang malaman kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans sa Filipino. Ang mga estadistikang pamamaraang ito ay pinili dahil angkop ang mga ito sa pagsusuri ng ordinal at hindi normal na distributed na datos.

## Mga Resulta at Diskusyon

**Talahanayan 1**

*Profayl ng mga Tagatugon*

| Baryabol | Kategorya | Frequency | Bahagdan |
|---|---|---|---|
| Seksyon | Mababa (Smaw2) | 22 | 42.3 |
| | Mataas (Smaw1) | 30 | 57.7 |
| | **Kabuuan** | **52** | **100.0** |
| Kabuuang Kita ng Pamilya | Mababa (Mababa sa Php 15,000) | 25 | 48.1 |
| | Mataas (Php15,000 pataas) | 27 | 51.9 |
| | **Kabuuan** | **52** | **100.0** |
| Pinakamataas na | Mababa (Elementarya) | 16 | 30.8 |
| | Mataas (Sekundarya at Kolehiyo) | 36 | 69.2 |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| Antas na Natapos ng Magulang | | | |
| | **Kabuuan** | **52** | **100.0** |

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng propayl ng mga tagatugon ayon sa sumusunod na mga baryabol.

May kabuuang bilang na 52 mag-aaral ang naging tagatugon sa pag-aaral. Tatlong (3) baryabol ang ginamit sa pagtukoy ng profayl ng mga tagatugon na pinangkat ayon sa baryabol ng seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas na natapos ng magulang.

Ayon sa seksyon, 22 tagatugon o 42.3% ng kabuuang populasyon ang kabilang sa SMAW Seksyon 2 at ang SMAW Seksyon 1 ay mayroong 30 tagatugon o 57.7%. Inilalahad dito na mas maraming tagatugon ang nagmula sa mataas na kategorya.

Ang baryabol na kabuuang kita ng pamilya ay nahahati sa dalawang kategorya: mababa o mayroong kabuuang kita ng pamilya na mababa sa labinlimang libong piso (Php 15,000.00) at ang mga tagatugong kabilang sa mataas na kategorya naman ay may kabuuang kita ng pamilya na umaabot sa labinlimang libong piso pataas (Php 15,000.00). Ang resulta ay nagpapakita na mayroong 25 o 48.1% na mga tagatugon ang nabibilang sa mababang braket, at mayroon namang 27 o 51.9% na mga tagatugon ang nabibilang sa sa mataas na braket.

Sa baryabol na pinakamataas na antas na natapos ng magulang, 16 o 30.8% ng mga magulang ng mga tagatugon ay elementarya ang natapos at 36 o 69.2% naman ng mga magulang ng mga tagatugon ay sekundarya o kolehiyo ang pinakamataas na antas na natapos. Ang pag-aaral ay nagpapakita na mas maraming mga mag-aral na ang mga magulang ay nakapagtapos ng sekundarya at kolehiyo.

**Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-Aaral na SMAW NCI Batay sa Sumusunod na mga Erya: Mental, Emosyonal, Sosyal at Pisikal**

**Talahanayan 2**
*Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral sa Erya ng Mental*

| | **Aytem** | **Katampatang Iskor** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1 | Madali kong naiintindihan at nauunawaan ang mga itinuturo sa klase. | 4.02 | Mataas |
| 2 | Gumugugol ako ng sapat na oras sa pag- iisip para sa aking hinaharap. | 3.94 | Mataas |
| 3 | Naiintindihan ko ang aking sarili. | 3.96 | Mataas |
| 4 | Alam ko ang mga dapat kong sabihin. | 3.77 | Mataas |
| 5 | Karamihan sa mga kurso ay napakadali para sa akin. | 3.00 | Katamtaman |
| 6 | Sa kabuuan, ako ay estudyanteng may kakayahan. | 3.62 | Mataas |
| 7 | Ang pagiging isang mag aaral ay isang napakagandang karanasan. | 4.38 | Mataas |
| 8 | Makakakuha ako ng magandang marka kung | 4.19 | Mataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| | magsusumikap ako. | | |
| 9 | Itinuturing kong sapat ang aking kakayahang mag-isip at mangatuwiran. | 3.90 | Mataas |
| 10 | Karaniwang positibo ang mga naiisip ko sa aking sarili. | 3.75 | Mataas |
| | **Kabuuang Katampatang Iskor** | **3.85** | **Mataas** |

Ayon sa resulta ng pag-aaral na ipinakikita sa Talahanayan 2, ang erya ng mental ay may kabuuang katampatang iskor na 3.85 na may interpretasyong mataas. Ang aytem bilang 7 ay may pinakamataas na katampatang iskor na 4.38 na may katumbas na interpretasyon na mataas, habang ang aytem bilang 5 naman ay may pinakamababang katampatang iskor na 3.00, may katumbas na interpretasyon na katamtaman. Isa sa mga nakitang dahilan nito ay ang labis na pokus ng mga tagatugon sa kanilang kakayahang nililinang sa *Technical Vocational Track* (TVL) na may espesyalisasyon sa SMAW. Ipinapakita nito na marami sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa ilan nilang asignatura.

Lumabas sa pag-aaral nina Cornejo at Estacio (2017) na ang mga mag-aaral ay lubos na nahihirapan sa paksang *Bioenergetics* sa asignaturang *Earth and Life Science*. Ipinakikita ng resulta ng pag-aaral na ang pangunahing dahilan kung bakit itinuturing ng mga mag-aaral na pinakamapaghamon ang paksang ito ay dahil sa mga hindi pamilyar na termino.

Maaari nitong matulungan ang mga guro at magulang na maiangat ang antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral, partikular sa aspektong mental, upang mapatibay ang kanilang kalusugang pangkaisipan.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral sa Erya ng Emosyonal*

| | Aytem | Katampatang Iskor | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Hindi ako nag aalala sa kahit anumang bagay. | 2.92 | Katamtaman |
| 2 | Nagdudulot ng sarap sa pakiramdam ang mga papuring natatanggap ko. | 4.10 | Mataas |
| 3 | Masaya ako sa buhay ko. | 4.21 | Mataas |
| 4 | Masayang gumawa ng takdang aralin. | 3.46 | Katamtaman |
| 5 | Hindi ako madaling mapanghinaan ng loob. | 3.81 | Mataas |
| 6 | Masaya at kuntento ako sa aking itsura. | 4.15 | Mataas |
| 7 | Pakiramdam ko tatagal ako sa anumang trabaho o hamon na kinakaharap ko. | 3.58 | Mataas |
| 8 | Hindi ako nangagamba sa napili kong espesyalisasyon. | 3.67 | Mataas |
| 9 | Hindi ako mabilis masaktan. | 3.17 | Katamtaman |
| 10 | Nararamdaman ko na ako ay may halaga. | 3.87 | Mataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | |
|---|---|---|
| **Kabuuang Katampatang Iskor** | **3.69** | **Mataas** |

Ipinakikita sa Talahanayan 3 na ang pagpapahalaga sa sarili ay may kabuuang katampatang iskor na 3.69, na may interpretasyon na mataas. Sa mga aytem na nabangit, ang bilang 3 ang may pinakamataas na katampatang iskor na 4.21 na may katumbas na interpretasyon na mataas, samantala, ang aytem bilang 1 ang may pinakamababang katampatang iskor na 2.92 na may katumbas na interpretasyon na katamtaman. Dahil ang mga -aaral ay nasa TVL Track at maraming oras ang ginugugol nila sa paghasa ng kanilang kakayahan ay ramdam nila ang pagkabalisa.

Ayon kay Dobson (2015), ang pagkabalisa ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa mga mag-aaral, na nagiging dahilan upang magkaroon sila ng mababang antas ng akademikong tagumpay at pagpapahalaga sa sarili. Batay naman sa resulta ng pag-aaral nina Lamarree at Marcotte (2021), ang *maladaptive perfectionism* ay nauugnay sa mas mataas na antas ng pagkabalisa, samantalang ang mataas na *dispositional mindfulness* ay nagpapakita ng kawalan ng pagkabahala. Alinsunod din ito sa pag-aaral nina Bamber at Schneider (2016) na naglahad na ang *mindfulness meditation* ay nakatutulong upang mabawasan ang stress at pagkabalisa ng mga mag-aaral sa kolehiyo.

**Talahanayan 4**
*Antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral sa erya ng Sosyal*

| | Aytem | Katampatang Iskor | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Madali akong tinanggap ng aking grupo. | 3.67 | Mataas |
| 2 | Hindi na kailangan sabihin sa akin ng iba kung ano ang dapat kong gawin. | 3.35 | Katamtaman |
| 3 | Gusto ko ang lahat ng kakilala ko. | 3.56 | Mataas |
| 4 | Marami ang pumapansin sa akin. | 3.21 | Katamtaman |
| 5 | Gusto ko na may kasamang ibang tao. | 3.62 | Mataas |
| 6 | Ako ang sentro ng mga biro ng aking mga kasamahan. | 3.15 | Katamtaman |
| 7 | Sumusunod ang mga kaklase ko sa aking mga ideya. | 3.46 | Katamtaman |
| 8 | Madalas akong napipili ng mga tao. | 3.29 | Katamtaman |
| 9 | Nasisiyahan ang mga tao kapag kasama ako. | 3.62 | Mataas |
| 10 | Karamihan sa aking mga guro ay itinuturing akong isang mabuting mag- aaral. | 3.40 | Katamtaman |
| | **Kabuuang Katampatang** | **3.43** | **Katamtaman** |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| Iskor | | |
|---|---|---|

Ipinakikita sa Talahanayan 4 na ang erya ng Sosyal ay nakakuha ng kabuuang katampatang iskor na 3.43, na may interpretasyon na mataas. Ang aytem bilang 1 ang may pinakamataas na katampatang iskor na 3.67 na may katumbas na interpretasyon na mataas. Samantala, ang aytem bilang 6 naman ang nakakuha ng pinakamababang *mean* na may katampatang iskor na 3.15 na may katumbas na interpretasyon na katamtaman.

Binigyang-diin sa pag-aaral ni Galabo (2019) na pinamagatang "Campus Bullying in the SHS: A Qualitative Case Study" na ang pambubuska ay humahantong sa pagkakaroon ng mababang pagpapahalaga sa sarili. Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Al-Raqqad et al. (2018) na nagsabing ang pambubuska ay nangyayari man sa pribado o pampublikong paaralan. Mayroon itong negatibong epekto sa aspektong emosyonal, sosyal, at pisikal, pati na rin sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (Shahria et al., 2015; Alison, 2016). Isinasaad nito na ang indibidwal na nakaranas ng pambubuska ay maaaring magkaroon ng mababang pagpapahalaga sa sarili at mahirapang makibagay sa kaniyang kapwa.

Upang maiangat ang pagpapahalaga sa sarili sa aspektong sosyal, kinakailangang pasiglahin ang kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral at linangin ang suporta mula sa kapwa mag-aaral upang mapagtibay ang kanilang panlipunang pag-unlad. Naniniwala si Lev Vygotsky sa kaniyang *Social Development Theory* na kinakailangan ang pakikisalamuha at suporta mula sa iba upang maabot ng isang indibidwal ang pinakamataas na antas ng kaniyang personal na paglago.

**Talahanayan 5**
*Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral na SMAW NCI batay sa Erya ng Pisikal*

| | Aytem | Katampatang Iskor | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Kumakain ako palagi ng masustansyang pagkain upang mapanatiling malusog ang aking pangangatawan. | 4.29 | Mataas |
| 2 | Pinapanatili kong malinis ang lahat kong gamit para malayo sa anumang pagkakasakit. | 4.12 | Mataas |
| 3 | Inaalagaan ko ng mabuti ang aking sarili sa pamamagitan ng pag- ehersisyo. | 3.94 | Mataas |
| 4 | Sinisigurado kong hindi kukulangin sa walong oras ang aking tulog. | 3.67 | Mataas |
| 5 | Umiinom ako ng 8-10 baso ng tubig araw-araw. | 3.73 | Mataas |
| 6 | Pinapanatili kong malinis ang aking paligid upang makaiwas sa sakit na dulot ng maruming kapaligiran. | 3.92 | Mataas |
| 7 | Nagdadala ako ng baon sa eskwelahan para siguraduhing masustansya at malinis ang aking kinakain. | 4.04 | Mataas |
| 8 | Masaya ako kapag nakikita ko ang aking sarili sa salamin na malusog at malinis. | 4.12 | Mataas |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 9 | Umiiwas ako sa masasamang bisyo kagaya ng paninigarilyo na makakasama sa aking katawan. | 4.38 | Mataas |
| 10 | Naliligo ako araw-araw para mapanatiling malinis ang aking pangangatawan at sariwa ang pakiramdam. | 4.27 | Mataas |
| | **Kabuuang Katampatang Iskor** | **4.05** | **Mataas** |

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang resulta para sa aspektong pisikal, na binubuo ng sampung tanong. Ang aspektong ito sa pagpapahalaga sa sarili ay nakakuha ng kabuuang katampatang iskor na 4.05, na may katumbas na interpretasyong mataas. Sa mga aytem na ito, ang aytem bilang 9 ang nakakuha ng pinakamataas na katampatang iskor na 4.38. Samantalang ang aytem bilang 4 ay may pinakamababang katampatang iskor na 3.67. Sa pangkalahatan, ang resulta ay nangangahulugang mataas ang antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral ng SMAW NC I sa aspektong pisikal.

Naniniwala si Robert Havighurst sa kaniyang *Developmental Task Theory*, kung saan ang bawat yugto ng buhay ng tao ay may kaniya-kaniyang gawaing pampaunlad. Ang matagumpay na pagsasakatuparan ng mga gawaing ito ay nagdudulot ng kaligayahan at tagumpay sa mga susunod pang tungkulin. Sa kabilang banda, ang kabiguan ay maaaring magbunga ng kalungkutan, panlipunang pagkabigo, at kahirapan sa pagtupad ng mga kasunod na gawain. Binibigyang-diin sa teoryang ito na ang pagkadalubhasa sa isang gawain ay nagbibigay ng lakas ng loob sa tao upang matagumpay na harapin ang mga panibagong pagsubok.

Ayon kay Havighurst (1972), ang mga gawaing pampaunlad ay nagmumula sa tatlong pangunahing salik: ang pisikal na pagkahinog (*physical maturation*), personal na pagpapahalaga (*personal values*), at mga inaasahan ng lipunan (*pressures of society*). Para sa mga kabataan (13 hanggang 18 taong gulang), kabilang sa mga gawaing pampaunlad na tinukoy ni Havighurst ang: pagtanggap sa sariling pangangatawan; pagkakaroon ng mga pagpapahalaga at moralidad bilang gabay sa tamang asal, kilos, at gawi; paglinang ng malusog na pag-iisip at saloobin tungo sa sarili, sa kapwa, at sa mga institusyon; at pagpili ng angkop na panlipunang katayuan at trabaho o propesyon.

Ang pagkakaroon ng mataas na pagpapahalaga sa sarili ay may malaking impluwensiya sa pisikal na pagkatao. Sa kabilang banda, ang mababang pagpapahalaga sa sarili ay nagdudulot ng negatibong epekto sa pisikal na kalusugan at nagpapahina sa kakayahang makabawi mula sa pagkakasakit (Stinson et al., 2018). Sa pag-aaral naman ni Pop (2016), lumabas na 79% sa 160 babaeng mag-aaral na naging tagatugon ang hindi kuntento sa kanilang sarili.

**Antas ng Akademikong Performans sa Filipino sa Ikalawang Semester ng mga Mag-aaral na SMAW NCI ayon sa Seksyon, Kabuuang Kita ng Pamilya at Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang**

Tinalakay sa bahaging ito ang resulta ng pang-apat na layunin ng pag-aaral, na matukoy ang antas ng akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa SMAW NCI batay sa mga baryabol na Seksyon, Kabuuang Kita ng Pamilya, at Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang. Upang lubos na maunawaan ang antas ng kanilang performans batay sa mga nabanggit na baryabol, ipinaliwanag ito gamit ang Talahanayan 6.

**Talahanayan 6**
*Komparatibong Pagsusuri sa Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral na SMAW NCI ayon sa Seksyon, Kabuuang Kita ng Pamilya, Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang*

| Baryabol | Kategorya | Katampatang Iskor | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Seksyon | Mababa | 80.59 | Satisfactory |
| | Mataas | 81.70 | Satisfactory |
| Kabuuang Kita ng Pamilya | Mababa | 81.96 | Satisfactory |
| | Mataas | 80.56 | Satisfactory |
| Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang | Mababa | 83.00 | Satisfactory |
| | Mataas | 80.44 | Satisfactory |
| | **Kabuuang Katampatang Iskor** | **81.3** | Satisfactory |

Makikita na tatlong (3) baryabol ang ginamit sa pagtukoy ng akademikong performans ng mga mag-aaral. Ang bawat baryabol ay nahahati sa dalawang kategorya (mababa at mataas), na may kani-kaniyang katampatang iskor at interpretasyon.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpapakita na ang seksyong nabibilang sa mababang kategorya ay may katampatang iskor na 80.59, samantalang 81.70 naman ang sa mataas na kategorya.

Sa baryabol ng Kabuuang Kita ng Pamilya, ang mababang kategorya ay nakakuha ng katampatang iskor na 81.96, habang ang mataas na kategorya naman ay nakakuha ng 80.56.

Sa Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang, ang mga nabibilang sa mababang kategorya ay may katampatang iskor na 83.00, samantalang 80.44 naman ang sa mataas na kategorya. Ang tatlong baryabol na ito ay pare-parehong may interpretasyong “Satisfactory.” Sa pangkalahatan, ang kabuuang katampatang iskor ay 81.38, na may karampatang interpretasyong “Satisfactory.”

Ipinakikita ng resulta ng pag-aaral na “Satisfactory” ang antas ng akademikong performans sa Filipino sa ikalawang semestral ng mga mag-aaral sa SMAW NCI batay sa mga nabanggit na baryabol.

Tinalakay naman sa kasunod na bahagi ang resulta ng ikalimang layunin ng pag-aaral, na tumukoy kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral sa SMAW NCI kapag pinangkat ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas na natapos ng magulang.

**Talahanayan 7**
*Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral sa Erya ng Mental kung Papangkatin at Ikukumpara ayon sa mga Nabanggit na Baryabol*

| Baryabol | Kategorya | Katampatang Iskor | Mann Whitney | *p*-value | Sig level | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | Rank | U test | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Seksyon | Mababa | 27.43 | 309.500 | 0.703 | | Hindi makabuluhan |
| | Mataas | 25.82 | | | | |
| Kabuuang Kita ng Pamilya | Mababa | 25.38 | 309.500 | 0.607 | 0.05 | Hindi makabuluhan |
| | Mataas | 27.54 | | | | |
| Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang | Mababa | 23.16 | 234.500 | 0.287 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 27.99 | | | | |

Ipinakikita sa Talahanayan 7 na ang baryabol na Seksyon ay may katampatang iskor na 27.43 para sa mababang kategorya at 25.82 naman para sa mataas na kategorya. Ang nakalkulang U ay 309.500 na may *p-value* na 0.703, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ang mga tagatugon kapag pinangkat at inihambing ayon sa seksyon. Ipinapakita ng resulta na hindi hadlang ang seksyon—maging mababa man ito o mataas—sa pagkakaroon ng mataas na pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral.

Samantala, ang mga tagatugon na nabibilang sa mababang kategorya o may kabuuang kita ng pamilya na mas mababa sa labinlimang libong piso (₱15,000.00) ay may katampatang iskor na 25.38. Habang ang mga tagatugon naman na kabilang sa mataas na kategorya o may kabuuang kita na labinlimang libong piso pataas (₱15,000.00) ay may katampatang iskor na 27.54. Ang nakalkulang U ay 309.500 na may *p-value* na 0.607, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat kapag inihambing ayon sa kabuuang kita ng pamilya. Taliwas naman ang resultang ito sa pag-aaral ni Gu (2022), kung saan natuklasang ang antas ng kalusugang mental ay may positibong kaugnayan sa antas ng kita ng pamilya.

Batay naman sa Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang, 23.16 ang katampatang iskor ng mga tagatugon na Elementarya ang natapos ng magulang, samantalang 27.99 naman ang sa mga tagatugon na Sekundarya o Kolehiyo ang natapos ng magulang. Ang nakalkulang U ay 234.500 na may *p-value* na 0.287, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang kategorya kapag inihambing ayon sa edukasyong natamo ng magulang. Taliwas din ito sa pag-aaral na isinagawa nina Fakhrunnisak et al. (2022), kung saan natuklasang ang antas na natapos ng magulang ay may kaugnayan sa kalusugang mental ng mga kabataan. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na ang kaligayahan ng mga kabataan ay may kinalaman sa edukasyong natamo ng kanilang mga ama. Kadalasan itong makikita sa mga pamilyang nabibilang sa mataas na antas, kung saan ang mga ama ay may mas malaking oras na nagugugol sa pagsubaybay at paggabay sa mga anak kumpara sa mga amang may mababang kita.

Ang mga baryabol na ito ay sinubok sa *significance level* na 0.05. Ipinapakita ng mga datos na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

aaral sa SMAW NCI sa eryang mental kapag pinangkat ayon sa mga nabanggit na baryabol. Nangangahulugan lamang na hindi nakakaapekto ang seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas na natapos ng magulang sa pagkakaroon ng mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili.

**Talahanayan 8**
*Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral na SMAW NCI sa erya ng emosyonal kung papangkatin at ikukumapara ayon sa mga nabanggit na baryabol*

| Baryabol | Kategorya | Katampatang Iskor Rank | Mann Whitney U test | *p*-value | Sig level | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Seksyon | Mababa | 29.16 | 271.500 | 0.276 | 0.05 | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 24.55 | | | | |
| Kabuuang Kita ng Pamilya | Mababa | 25.02 | 300.500 | 0.496 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 27.87 | | | | |
| Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang | Mababa | 26.66 | 285.500 | 0.960 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 26.43 | | | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 8 na ang baryabol na Seksyon ay may katampatang iskor na 29.16 para sa mababang kategorya at 24.55 naman para sa mataas na kategorya. Ang nakalkulang U ay 271.500 na may *p-value* na 0.276, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ang mga tagatugon kapag pinangkat at inihambing ayon sa seksyon.

Samantala, ang mga tagatugon na nabibilang sa mababang kategorya o may kabuuang kita ng pamilya na mas mababa sa labinlimang libong piso (₱15,000.00) ay may katampatang iskor na 25.02. Habang ang mga tagatugon naman na kabilang sa mataas na kategorya o may kabuuang kita na labinlimang libong piso pataas (₱15,000.00) ay may katampatang iskor na 27.87. Ang nakalkulang U ay 300.500 na may *p-value* na 0.496, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat kapag inihambing ayon sa kabuuang kita ng pamilya. Sa kabilang banda, ayon sa pag-aaral nina Di at Wu (2022), ang kita ng pamilya ay may kaugnayan sa parents' emotional well-being na nakaiimpluwensya sa bata. Habang lumalaki ang gastusin sa tahanan, tumataas din ang posibilidad na ang mga kabataan ay makaranas ng depresyon, kawalan ng pag-asa, at kawalan ng emotional intelligence (EQ).

Batay naman sa Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang, 26.66 ang katampatang iskor ng mga tagatugon na Elementarya ang natapos ng magulang, samantalang 26.43 naman ang sa mga tagatugon na Sekundarya o Kolehiyo ang natapos ng magulang. Ang nakalkulang U ay 285.500 na may *p-value* na 0.960, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang kategorya kapag inihambing ayon sa edukasyong natamo ng magulang. Taliwas ito sa pag-aaral nina Khan et al. (2015), kung saan natuklasang may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng edukasyon ng magulang at ng academic achievement ng mga mag-aaral.

Ang mga baryabol na ito ay sinubok sa significance level na 0.05. Nangangahulugan lamang na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral sa SMAW NCI sa eryang emosyonal kapag sila ay pinangkat at inihambing ayon sa mga nabanggit na baryabol.

**Talahanayan 9**

*Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral sa erya ng Sosyal kung Papangkatin at Ikukumpara ayon sa mga Nabanggit na Baryabol*

| Baryabol | Kategorya | Katampatang Iskor Rank | Mann Whitney U test | *p*-value | Sig level | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Seksyon | Mababa<br>Mataas | 25.77<br>27.03 | 314.000 | 0.766 | 0.05 | Hindi Makabuluhan |
| Kabuuang Kita ng Pamilya | Mababa<br>Mataas | 27.80<br>25.30 | 305.000 | 0.550 | | Hindi Makabuluhan |
| Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang | Mababa<br>Mataas | 26.78<br>26.38 | 283.500 | 0.929 | | Hindi Makabuluhan |

Ipinapakita sa Talahanayan 9 na ang baryabol na Seksyon ay may katampatang iskor na 25.77 para sa mababang kategorya at 27.03 naman para sa mataas na kategorya. Ang nakalkulang U ay 314.000 na may *p-value* na 0.766, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ang mga tagatugon kapag pinangkat at inihambing ayon sa seksyon.

Samantala, ang mga tagatugon na nabibilang sa mababang kategorya o may kabuuang kita ng pamilya na mas mababa sa labinlimang libong piso (₱15,000.00) ay may katampatang iskor na 27.80. Habang ang mga tagatugon naman na kabilang sa mataas na kategorya o may kabuuang kita na labinlimang libong piso pataas (₱15,000.00) ay may katampatang iskor na 25.30. Ang nakalkulang U ay 305.000 na may *p-value* na 0.550, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat kapag inihambing ayon sa kabuuang kita ng pamilya. Pinatunayan ito sa pag-aaral nina Azmera, Latiff, et al. (2018), na nagpapakitang ang satispaksyon sa body image ay walang kaugnayan sa kita ng pamilya at sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na hindi hadlang ang katayuan sa buhay upang magkaroon ng mataas na pagpapahalaga sa sarili.

Batay naman sa Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang, 26.78 ang katampatang iskor ng mga tagatugon na Elementarya ang natapos ng magulang, samantalang 26.38 naman ang sa mga tagatugon na Sekundarya o Kolehiyo ang natapos ng magulang. Ang nakalkulang U ay

283.500 na may *p-value* na 0.929, na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang kategorya kapag inihambing ayon sa edukasyong natamo ng magulang. Sinusuportahan ito ng pag-aaral na isinagawa ni Vollmer (2021), kung saan natuklasang ang antas na natapos ng mga magulang ay walang makabuluhang kaugnayan sa kabuuang pisikal na konsepto sa sarili (*physical self-concept*). Ipinapakita nito na hindi hadlang ang antas na natapos ng mga magulang upang magkaroon ng mataas na pagpapahalaga sa sarili.

Taliwas naman ito sa pag-aaral nina Ruedl et al. (2021), kung saan ang bata na may kahit isang magulang na nakatapos ng pag-aaral ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagkakaroon ng mas mataas na *physical fitness scores* kumpara sa mga kabataan na kapwa mababa ang antas ng edukasyong natapos ng mga magulang. Mahalaga ang edukasyong natapos ng mga magulang ukol sa *physical fitness* ng mga kabataan (Garriguet et al., 2017; Wilk et al., 2018; Zaqout et al., 2016).

Ang mga baryabol na ito ay sinubok sa *significance level* na 0.05. Nangangahulugan lamang na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral sa SMAW NCI sa eryang sosyal kapag sila ay pinangkat at inihambing ayon sa mga nabanggit na baryabol.

**Talahanayan 10**

*Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral sa Erya ng Pisikal kung Papangkatin at Ikukumpara ayon sa mga Nabanggit na Baryabol*

| Baryabol | Kategorya | Katampatang Iskor Rank | Mann Whitney U test | *p*-value | Sig level | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Seksyon | Mababa | 25.05 | 298.000 | 0.552 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 27.57 | | | | |
| Kabuuang Kita ng Pamilya | Mababa | 24.96 | 299.000 | 0.479 | 0.05 | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 27.93 | | | | |
| Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang | Mababa | 22.81 | 229.000 | 0.240 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 28.14 | | | | |

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita na sa baryabol na seksyon, ang mababang kategorya ay may katampatang iskor na 25.05 habang 27.57 naman sa mataas na kategorya. Ang nakalkulang U ay 298.000 at may *p-value* na 0.552 na may interpretasyong hindi makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ang mga tagatugon sa mababa at mataas na kategorya kapag pinangkat at ikinumpara ayon sa seksyon. Sa baryabol naman na kabuuang kita ng pamilya, ang mga tagatugon na nasa mababang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

kategorya (kumikita ng mababa sa ₱15,000.00) ay nakakuha ng katampatang iskor na 24.96, habang ang mga nasa mataas na kategorya (₱15,000.00 pataas) ay may katampatang iskor na 27.93. Ang nakalkulang U ay 299.000 na may *p-value* na 0.479 na may interpretasyong hindi makabuluhan. Ipinapakita nito na walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang kategorya kapag ikinumpara batay sa kita ng pamilya.

Taliwas ito sa resulta ng pag-aaral nina Tao at Han (2017), kung saan napatunayang ang kita ng pamilya ay may kaugnayan at nakaaapekto sa akademikong tagumpay ng mag-aaral. Binanggit din sa pag-aaral ni Abrar-ul-Haq et al. (2015) na ang mataas na kita ng pamilya ay nagdudulot ng mas mataas na pagkamit sa edukasyon. Pinatotohanan din ito ng pag-aaral nina Jayawardana et al. (2021) na nagsabing ang mga pamilyang may mataas na kita ay mas nakatatanggap ng mga benepisyo tulad ng sapat na pagkain at iskolarsip, kaya mas natututukan ang mga edukasyonal na pangangailangan ng mag-aaral.

Batay naman sa pinakamataas na antas na natapos ng magulang, nakakuha ng katampatang iskor na 22.81 ang mga tagatugon na elementarya ang natapos ng magulang, habang 28.14 naman sa mga may magulang na nakatapos ng sekundarya o kolehiyo. Ang nakalkulang U ay 229.000 na may *p-value* na 0.240 na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ang mga tagatugon kapag pinangkat ayon sa antas ng edukasyon ng magulang. Taliwas din ito sa pag-aaral ni Tus (2021), na nagpapakitang may kaugnayan ang pakikilahok ng magulang sa akademikong pagganap ng mag-aaral sapagkat nagagabayan nila ang kanilang mga anak sa aspektong edukasyonal. Gayundin ang lumabas sa pag-aaral nina Idris et al. (2020), kung saan ang antas ng edukasyon ng magulang ay may positibong ambag sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ang lahat ng nabanggit na baryabol ay sinuri gamit ang *significance level* na 0.05. Sa pangkalahatan, nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral ng SMAW NC I sa erya ng pisikal kapag sila ay pinangkat at ikinumpara ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas na natapos ng magulang.

**Komparatibong Pagsusuri sa Antas ng Akademikong Performans sa Filipino ng mga Mag-aaral na SMAW NCI ayon sa Seksyon, Kabuuang Kita ng Pamilya, Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang**

Nakalagak sa ikaanim na layunin ng pag-aaral na ito ang pag-alam kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na SMAW NC I kapag sila ay pinangkat ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas ng edukasyon na natapos ng magulang.

**Talahanayan 11**
*Makabuluhang pagkakaiba sa Antas ng Akademikong Performans sa Filipino ng mga Mag-aaral na SMAW NCI ayon sa mga nabanggit na Baryabol*

| Baryabol | Kategorya | Katampatang Iskor Rank | Mann Whitney | p-value | Sig level | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | | U test | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Seksyon | Mababa | 25.93 | 317.50 | 0.815 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 26.92 | | | | |
| Kabuuang Kita ng Pamilya | Mababa | 28.74 | 281.50 | 0.300 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 24.43 | | | 0.05 | |
| Pinakamataas na Antas na Natapos ng Magulang | Mababa | 31.28 | 211.50 | 0.126 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 24.38 | | | | |

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita na sa baryabol na seksyon, ang mababang kategorya ay may katampatang iskor na 25.93 habang 26.92 naman sa mataas na kategorya. Ang nakalkulang U ay 317.50 at may *p-value* na 0.815 na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga tagatugon sa mababa at mataas na kategorya kapag sila ay pinangkat at ikinumpara ayon sa seksyon.

Sa baryabol naman na kabuuang kita ng pamilya, ang mga tagatugon na nasa mababang kategorya (kumikita ng mababa sa ₱15,000.00) ay may katampatang iskor na 28.74, habang ang mga nasa mataas na kategorya (₱15,000.00 pataas) ay may katampatang iskor na 24.43. Ang nakalkulang U ay 281.50 na may p-value na 0.300 na may interpretasyong hindi makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga tagatugon kapag pinangkat at ikinumpara ayon sa kabuuang kita ng pamilya.

Batay naman sa pinakamataas na antas na natapos ng magulang, nakakuha ng katampatang iskor na 31.28 ang mga tagatugon na elementarya ang natapos ng magulang, habang 24.38 naman sa mga may magulang na nakatapos ng sekundarya o kolehiyo. Ang nakalkulang U ay 211.50 na may p-value na 0.126 na may interpretasyong hindi makabuluhan. Nagsasaad ito na walang makabuluhang pagkakaiba ang mga tagatugon sa mababa at mataas na kategorya kapag pinangkat at ikinumpara ayon sa edukasyon ng magulang.

Ang lahat ng nabanggit na baryabol ay sinuri gamit ang *significance level* na 0.05.

Nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na SMAW NC I kapag sila ay pinangkat at ikinumpara ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya, at pinakamataas na antas na natapos ng magulang.

**Relasyunal na Pagsusuri sa Pagitan ng Antas ng Pagpapahalaga sa Sarili at Antas ng Akademikong Performans sa Filipino ng mga Mag-aaral na SMAW NCI**

**Talahanayan 12**

*Kaugnayan sa pagitan ng antas ng pagpapahalaga sa sarili at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na SMAW NCI*

| Correlation | N | $r_s$ | Sig. Level | *p* - value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Antas ng pagpapahalaga | | 0.056 | | 0.692 | Hindi Makabuluhan |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | | |
|---|---|---|---|
| sa sarili | 52 | 0.05 | |
| Antas ng akademikong performans | 52 | | |

Batay sa konteksto ng pag-aaral, ipinapakita na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng pagpapahalaga sa sarili (*self-esteem*) at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral na SMAW NC I. Ang resulta ay kinukumpirma ng nakalkulang $r_s$ na 0.126 at *p-value* na 0.692 sa *significance level* na 0.05.

Sinusuportahan ang natuklasang ito ng pag-aaral nina D'Mello et al. (2018), na nagsaad na walang makabuluhang ugnayan ang pagpapahalaga sa sarili sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Katulad din ito ng pag-aaral nina Demo at Parker (1988), na binanggit sa pananaliksik ni Ogot (2017), kung saan lumabas na walang makabuluhang kaugnayan ang dalawang baryabol.

Parehong resulta rin ang nakuha sa pag-aaral nina Bahrami at Bahrami (2015), na nagpakita na ang pagpapahalaga sa sarili ng mga estudyante ay walang kaugnayan sa kanilang mga marka sa semestral na ebalwasyon. Pinatotohanan din ito sa mga pag-aaral nina Salmalian at Kazemnezhad (2014), Hasanzadeh at Imanifar (2011), at Naderi et al. (2009), kung saan napatunayang walang makabuluhang ugnayan ang pagpapahalaga sa sarili sa akademikong pagganap.

Dagdag pa rito, ipinahayag nina Farhan at Khan (2015) na walang kaugnayan ang antas ng pagpapahalaga sa sarili sa *Grade Point Average* (GPA) ng mga mag-aaral. Inilalahad nito na ang mataas o mababang GPA ay hindi direktang nakatali sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ng isang estudyante. Katulad din ito ng natuklasan sa pag-aaral ni Apostol (2017), kung saan inilahad na ang pagpapahalaga sa sarili ay hindi nakakaapekto sa akademikong pagganap.

Sa kabuuan, ang natuklasan sa pag-aaral na ito at ang mga kaugnay na literatura ay nagpapatunay na ang pagpapahalaga sa sarili ay hindi tiyak na sukatan ng akademikong performans ng mga mag-aaral.

## Kongklusyon

Batay sa mga datos na nakalap ng mananaliksik ang mga sumusunod na konglusyon ay nabuo:

Ayon sa resulta ng pag-aaral, ang mga tagatugon, batay sa erya ng mental, emosyonal, at pisikal, ay may mataas na pagpapahalaga sa sarili at katamtaman naman sa erya ng sosyal.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga tagatugon na nabibilang sa mababa at mataas na kategorya ay may mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili batay sa erya ng mental ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya at pinakamataas na antas na natapos ng magulang. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral na mula sa mababa at mataas na kategorya ay parehong may mataas na pagpapahalaga sa sarili.

Sa erya naman ng emosyonal ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya at pinakamataas na antas na natapos ng magulang, ang mga tagatugon na nabibilang sa mababa at mataas na kategorya ay may mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili. Ibig sabihin, parehong may mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili ang mga mag-aaral mula sa mababa at mataas na kategorya.

Ang mga tagatugon naman na nabibilang sa mababa at mataas na kategorya ay may mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili sa erya ng emosyonal ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya at pinakamataas na antas na natapos ng magulang. Inilalahad nito, na hindi hadlang kung mababa o mataas na kategorya nabibilang ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili.

Sa erya naman ng pisikal ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya at pinakamataas na antas na natapos ng magulang, ang mga tagatugon na nabibilang sa mababa at mataas na kategorya ay may mataas na antas ng pagpapahalaga sa sarili. Isinasaad nito, na ang mga mag-aaral mula sa mababa at mataas na kategorya ay may mataas na angtas ng pagpapahalaga sa sarili.

Sa antas ng akademikong pagganap sa Filipino sa ikalawang semester ng mga mag-aaral na SMAW NCI ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya at pinakamataas na antas na natapos ng magulang, ang mga tagatugon ay may *rating* na "satisfactory". Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral na nabibilang sa mababa at mataas na kategorya ay may mataas na akademikong pagganap.

Batay sa pag-aaral, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral na SMAW NCI sa erya ng mental, emosyonal, sosyal at pisikal kung papangkatin at ikukumpara ayon sa seksyon, kabuuang kita ng pamilya at pinakamataas na antas na natapos ng magulang.

Sa kabuuan, ang natuklasan sa pag-aaral na ito at resulta ng iba pang pag-aaral ay nagpapakita na ang pagpapahalaga sa sarili ay hindi sukatan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

## Pagkilala

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa lahat ng mga taong naging bahagi at nagbigay ng suporta, gabay, at inspirasyon upang matagumpay na maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Una sa lahat, lubos na nagpapasalamat ang mananaliksik sa Panginoong Hesukristo sa pagbibigay ng lakas, karunungan, patnubay, at proteksiyon sa buong proseso ng pananaliksik. Taos-pusong pasasalamat din ang ipinapaabot kay Dr. Lilybeth P. Eslabon sa kaniyang mahahalagang mungkahi, paggabay, at pag-unawa na nakatulong sa pagpapaunlad ng pag-aaral; gayundin kina Dr. Renith S. Guanzon, Dr. Wilfredo O. Hermosura, at Dr. Luis Serviñas bilang mga panelist na nagbigay ng makabuluhang suhestiyon upang higit na mapahusay ang pananaliksik. Lubos ding kinikilala ang tulong nina Dr. Rammy Lastierre sa pagbabahagi ng kaalaman sa istatistika at Dr. Ophelia M. Duayan sa kaniyang walang sawang paggabay, pagwawasto, at suporta sa buong proseso ng pagbuo ng pananaliksik. Gayundin, nagpapasalamat ang mananaliksik kay Dr. Emylin T. Batulat sa kaniyang patuloy na suporta at inspirasyon, at kay John Emmil V. Manait sa kaniyang pagsubaybay, payo, at paggabay. Ipinapaabot din ang taos-pusong pasasalamat kina Leonardo J. Legaspi Jr. at Bernie O. Florendo sa pagbibigay ng oportunidad at pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral. Sa lahat ng naging bahagi ng tagumpay ng pananaliksik na ito, ang inyong suporta, panahon, at kabutihan ay lubos na pinahahalagahan at hindi malilimutan ng mananaliksi.

## Talasanggunian

Abrar-ul-Haq, M., Jali, M. R. M., & Islam, G. M. N. (2015). The relationship between socioeconomic status and academic achievement among students. *International Letters of Social and Humanistic Sciences, 55*, 65–74.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

Al-Raqqad, H. K., Al-Bourini, E. S., Al Talahin, F. M., & Aranki, R. M. (2018). The impact of school bullying on students' academic achievement from teachers' point of view. *International Education Studies, 11*(3), 44–50. https://doi.org/10.5539/ies.v11n3p44

Arbinaga, F., García-Martínez, M., Vázquez-Moreno, M. A., Joaquín-Mingorance, M., & Fernández-Ozcorta, E. J. (2018). Exercise and self-esteem in adolescents: The mediating role of physical self-concept.

Azmera, A., Latiff, A. A., & others. (2018). Body image satisfaction and socioeconomic factors among students.

Bahrami, M., & Bahrami, E. (2015). Relationship between self-esteem and academic achievement among students.

Bamber, M. D., & Schneider, J. K. (2016). Mindfulness-based meditation to decrease stress and anxiety in college students: A narrative synthesis. *Journal of College Student Development, 57*(1), 1–16. https://doi.org/10.1353/csd.2016.0005

Bannik, R., Swart, H., & others. (2016). Family socioeconomic status, self-esteem, and life satisfaction among adolescents.

Bodhi, S., & Kaur, R. (2017). Socioeconomic status and academic achievement of students.

Cameron, L., Erkal, N., Gangadharan, L., & Meng, X. (2022). Parental education and child development outcomes.

Chen, Y., Li, H., & Meng, L. (2020). Parental expectations, socioeconomic status, and educational outcomes of children.

Cornejo, A. M., & Estacio, R. (2017). Students' difficulties in learning Earth and Life Science: Basis for instructional intervention.

D'Mello, J., Brackett, M. A., & others. (2018). Self-esteem and academic achievement among students

Di, G., & Wu, Y. (2022). Family income and adolescent emotional well-being.

Dobson, K. S. (2015). *The science of cognitive behavioral therapy*. Academic Press.

Fakhrunnisak, D., Dewi, L., & others. (2022). Parental education and adolescent mental health outcomes.

Farhan, M., & Khan, I. (2015). Impact of self-esteem on academic performance of students.

Farrington, D. P. (2016). Bullying and its association with later life outcomes

Felden, É. P. G., Leite, C. R., Rebelatto, C. F., Andrade, R. D., Beltrame, T. S., & others. (2015). Socioeconomic status and sleep quality among adolescents.

Galabo, N. R. (2019). Campus bullying in the SHS: A qualitative case study.

Garriguet, D., Colley, R. C., & others. (2017). Physical activity and fitness among Canadian youth: Associations with parental education.

Gavin, M. L. (2022). Water and hydration: Importance for adolescent health.

Gordon, S. (2021). The long-lasting effects of bullying. *Verywell Family*. https://www.verywellfamily.com/

Gu, X. (2022). Family income and adolescent mental health: Evidence from socioeconomic differences.

Hasanzadeh, R., & Imanifar, S. (2011). Self-esteem and academic achievement among students.

Havighurst, R. J. (1972). *Developmental tasks and education* (3rd ed.). David McKay Company.

Idris, F., Hassan, Z., Ya'acob, A., Gill, S. K., & Awal, N. A. M. (2020). The role of parental education in students' academic achievement. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, 10*(9), 597–606. https://doi.org/10.6007/IJARBSS/v10-i9/7858

Jayawardana, J., Jayasinghe, M., & others. (2021). Household income and educational opportunities among students.

Keshavarz, S., & Guneyli, A. (2021). Parental education and students' anxiety in classroom settings.

Khan, M. S., Khan, I., & others. (2015). Relationship between parental education and academic achievement

Kim, J., Park, H., & others. (2020). Parental employment status and adolescent sleep patterns

Lamarre, C., & Marcotte, D. (2021). Maladaptive perfectionism, anxiety, and mindfulness among students.

Lara, L., & Saracostti, M. (2019). Effect of parental involvement on children's academic achievement in Chile. *Frontiers in Psychology, 10*, Article 1469. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2019.01469

McCombes, S. (2020). *Descriptive research: Definition, types, methods and examples*. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/descriptive-research/

Minev, M., Petrova, B., Mineva, K., Petkova, M., & Strebkova, R. (2018). Self-esteem in adolescents. *Trakia Journal of Sciences, 16*(2), 114–118. https://doi.org/10.15547/tjs.2018.02.007

Mohd Noor, N., & Abu Talib, M. (2016). Social anxiety among students from different socioeconomic backgrounds.

Naderi, H., Abdullah, R., Aizan, H. T., Sharir, J., & Kumar, V. (2009). Self-esteem, gender and academic achievement of undergraduate students. *American Journal of Scientific Research, 3*, 26–37.

Ogot, A. (2017). Relationship Between Self Esteem and Academic Performance of Students in Selected High Schools in Njoro District, Nakuru County, Kenya. *International Journal of Science and Research.*

Pop, C. (2016). Self-esteem and body image among female students.

Rosenberg, M. (1965). *Society and the adolescent self-image*. Princeton University Press.

Ruedl, G., Niedermeier, M., Posch, M., & others. (2021). Parental education and physical fitness among adolescents.

Salmalian, H., & Kazemnezhad, A. (2014). Relationship between self-esteem and academic achievement among students.

Shahria, S., Islam, M., & others. (2015). Bullying and its effects on students' emotional and academic outcomes.

Shetgiri, R., Lin, H., & Flores, G. (2015). Trends in risk and protective factors for child bullying perpetration in the United States. *Child Psychiatry & Human Development, 46*, 478–487. https://doi.org/10.1007/s10578-014-0488-5

Sosso, F. A. E. (2020). Socioeconomic status and sleep difficulties among adolescents.

Stinson, D. A., Logel, C., Shepherd, S., & Zanna, M. P. (2018). Rewriting the self: Self-esteem and health outcomes.

Tao, S., & Han, M. (2017). Family income and academic achievement among students.

Tus, J. (2021). The influence of parental involvement on students' academic performance.

UNICEF Philippines. (2019). *Situation analysis of children in the Philippines*. United Nations Children's Fund.

Vollmer, C. (2021). Parental education and physical self-concept among adolescents.

Wilk, P., Clark, A. F., Maltby, A., Smith, C., Tucker, P., & Gilliland, J. (2018). Examining individual and environmental influences on children's physical activity levels. *International Journal of Environmental Research and Public Health, 15*(6), Article 1185.https://doi.org/10.3390/ijerph15061185

Yousefi, F., Mansor, M., & others. (2015). Family income, test anxiety, and academic achievement among students.

Zaqout, M., Vyncke, K., Moreno, L. A., & De Henauw, S. (2016). Determinant factors of physical fitness in European children and adolescents.